# Mga bagong kaayusan para sa mga may hawak ng lisensya sa pagmamaneho mula sa ibang bansa magmula ika-1 ng Hulyo 2023

May dalawang bagong mga hakbang na ilalapat sa mga may hawak ng lisensya mula sa ibang bansa na may pansamantalang visa (temporary visa) simula sa ika-1 ng Hulyo 2023 – ang 'anim na buwang patakaran' (six-month rule) at ang 'pagbawi ng mga pribilehiyo sa pagmamaneho' (withdrawal of driving privileges).

## Anim na buwang patakaran (six-month rule)

Ang mga bagong kaayusan ay nalalapat sa isang tao na maninirahan sa NSW na may isang pansamantalang visa sa ika-1 ng Hulyo 2023 o pagkatapos nito.

Sa ilalim ng mga bagong kaayusan, ang mga may hawak ng pansamantalang visa ay kinakailangang kumuha ng isang NSW driver's licence sa loob ng anim na buwan kung sila ay patuloy na naninirahan sa NSW at gustong patuloy na magmaneho.

Upang maging isang residente ng NSW, ang isang tao ay dapat karaniwang naninirahan sa isang address sa NSW. Ang isang tao ay maaaring pansamantalang bumisita sa ibang estado para magbakasyon o magtrabaho ngunit maituturing na patuloy na naninirahan sa NSW. Ang tagal ng panahon ay mag-uumpisa mula sa petsa kung kailan nakakuha, nagbago, o gumamit ang isang tao ng isang address sa NSW bilang kaniyang pangunahing lokasyon.

Ang mga may hawak ng lisensya mula sa ibang bansa na residente na ng NSW bago ang ika-1 ng Hulyo 2023 ay maaaring patuloy na magmaneho gamit ang kanilang lisensya na nagmula sa ibang bansa at hindi kinakailangang tumugon sa mga bagong kautusan.

**Halimbawa 1:**

Si A ay dumating sa NSW noong ika-1 ng Marso 2023. Ang bagong 'anim na buwang patakaran' ay hindi nalalapat. Si A ay maaaring patuloy na magmaneho sa NSW gamit ang kaniyang lisensya mula sa ibang bansa hanggang siya ay maging isang may hawak ng permanenteng visa sa ilalim ng Batas ng Migrasyon (Migration Act) o hanggang magwakas ang kaniyang lisensya mula sa ibang bansa o kaya makansela o masuspinde ito.

**Halimbawa 2**:

Si B ay dumating sa NSW noong ika-1 ng Hulyo 2023. Si B ay patuloy na maninirahan sa NSW nang anim na buwan o mahigit pa mula sa petsang ito. Si B ay kinakailangang kumuha ng isang NSW driver licence pagsapit ng ika-1 ng Enero 2024.

**Halimbawa 3:**

Si C ay nakatira sa NSW nang limang buwan at pagkatapos ay pupunta sa Queensland para sa isang buwang pagbabakasyon. Si C ay kinakailangan pa ring kumuha ng isang NSW driver licence dahil ang kaniyang pangunahing tirahan ay NSW.



## Pagbawi ng mga pribilehiyo sa pagmamaneho ng bumibisita

Sa ika-1 ng Hulyo 2023, ang mga bagong kaayusan ay mag-uumpisa para sa lahat ng mga tao sa NSW na nagmamaneho gamit ang isang lisensya sa pagmamaneho mula sa ibang bansa. Ang Transport for NSW ay permanenteng aalisin ang pribilehiyo sa pagmamaneho ng isang bumibisita kung siya ay:

- nakakuha ng 13 demerit points; o
- hinatulan ng isang malubhang pagkakasala sa pagmamaneho (nakalista sa ilalim ng seksyon 224 ng Road Transport Act 2013), o
- nasuspinde o nadiskwalipika sa pagmamaneho ng isang sasakyang de-motor sa alinmang bahagi ng Australya o ibang bansa; o
- hinatulan ng pagkakasala sa pagmamaneho na may kaugnayan sa droga o alak.

## Kabilang sa mga malubhang pagkakasala ang mga sumusunod:

- nagmaneho sa paraang nagdudulot ng malubhang aksidente, na nagdudulot ng kamatayan o matinding pinsala sa katawan
- lumampas nang mahigit sa 45 km/h sa limitasyon ng tulin (speed limit)
- lumampas nang mahigit sa 30 km/h sa limitasyon ng tulin (speed limit)
- nagmaneho na may itinakdang konsentrasyon ng alak o ipinagbabawal na gamot
- nakilahok sa karera sa kalye at iba pang mga paglabag
- nagmaneho nang walang namamahala (para sa mga may hawak na learner licence).

## Pagkuha ng iyong NSW driver's licence

1. Basahin ang Road User Handbook upang sanayin ang iyong sarili sa mga patakaran sa mga daan ng NSW upang matiyak na ligtas kang magmaneho sa mga daan ng NSW.
2. Kumpletuhin ang iyong licence application form at ihanda ang iyong mga sumusuportang dokumento.
3. Dalhin ang iyong application form at mga kinakailangang dokumento sa isang Service NSW Service Centre kasama ang patunay ng pagkakakilanlan, ang iyong kasalukuyang lisensya mula sa ibang bansa at mga isinalin na dokumento kung ang mga ito ay hindi nakasulat sa Ingles.
4. Papayuhan ka sa isang Service NSW Service Centre kung natugunan mo ang pagiging karapat-dapat na magkaroon ng lisensya, at kung kinakailangan mong kumpletuhin ang Driver Knowledge Test (Pagsusulit sa Kaalaman ng Pagmamaneho) at Practical Road Driving Test (Praktikal na Pagsusulit sa Pagmamaneho).

Ang mga aplikante ay dapat magkaroon ng sapat na oras upang matugunan ang lahat ng mga kinakailangan para sa isang NSW driver licence at matagumpay na makakuha, hindi lamang makapag-aplay, ng isang NSW driver licence nang maaga bago matapos ang anim na buwan.

## Mga parusa

Mula ika-1 ng Hulyo 2023, ipapataw ang mga parusa sa isang may pansamantalang visa na patuloy na naninirahan sa NSW nang anim na buwan o mahigit pa, at patuloy na nagmamaneho sa NSW gamit ang kaniyang lisensya mula sa ibang bansa. Ituturing siyang nagmamaneho ng sasakyan nang walang lisensya.

Iminumungkahi na ang multa na $603 ay ipapataw sa unang pagkakasala at ang multa na $924 ay ipapataw para sa pangalawa o kasunod na pagkakasala. Ang pinakamataas na parusa na $2200 (20 penalty units) ay maaaring ipataw ng hukuman.

Alamin ang higit pa sa **nsw.gov.au/overseasdriver**.